

1

Napataas ng isang dangkal ang kaliwang kilay ni Malaya. Isang guwapo at matangkad na lalaking nakasuot ng business suit ang pumasok sa office ng *Fauna*, ang veterinary clinic na pagmamay-ari nila ng dalawa pang kaibigan niya.

Kitang-kita niya ang pag-angat ng isang sulok ng labi ni Rianne, ang kaibigan niya at isa ring beterinaryo tulad niya. “Oh, my!” mahina nitong bulalas, flipping her hair.

Nakita niyang napakunot-noo naman si Casper, isa ring vet at part-owner ng *Fauna*.

“Good morning,” nakangiting bati ng lalaki. “I’m Traven Ortega, CEO of *Sakura Realty*.”

Sakura Realty na naman!

Ang *Sakura Realty* ay isang privately-owned business enterprise na nakabase sa Metro Manila. Wala silang alam kung sino ang may-ari niyon, ang narinig lang nila ay isa iyong nagngangalang Ichiro. Isang Hapones, she assumed.

Hindi talaga sila tinitigilan sa pangungulit sa

kanila na ibenta ang kanilang clinic dahil magpapatayo raw ang may-ari niyon ng isang malaking mall sa downtown na sakop pati ang kinatitirikan ng *Fauna*. Ilang alipores na ng *Sakura Realty* ang nagpupunta sa clinic nila upang ikumbinsi sila, ngunit lahat ng mga iyon ay nangabigo. At heto't ang mismo na palang CEO ang nagpunta.

“I’m sorry, Mr. Ortega, but *Fauna* is not really for sale,” matiim at derecho niyang sabi rito.

Halatang nabigla ang lalaki sa kaprangkahan niya, ngunit hindi naman ito kaagad natinag. Pinalapad pa nito ang ngiti. “*Sakura* can pay you triple the price of this clinic, Dr. Magtanggol.”

He sure did his homework, mukhang kilala na silang tatlo nito.

Gumanti siya ng ngiti, isang sarcastic na ngiti. Akala siguro ng lalaking ito ay makukuha siya sa charm ng smile nito? *No way, Jose!* “Didn’t you just hear what I said, Mr. Ortega? Hindi namin ipinagbibili ang *Fauna*. Now, if you don’t mind, madami pa kaming gagawin.”

Magsasalita pa sana ito ngunit pinatalim niya ang mga mata. She knew her eyes were always intimidating. At kaya niyang gamitin ang mga iyon

bilang armas. Madami na ang napapatiklop niya dahil sa talim ng mga mata niya.

“I guess this is a bad time. Babalik na lang ako sa ibang araw,” pasya pa rin nito.

“Magsasayang ka lang ng panahon.”

“Hindi basta sumusuko ang *Sakura*.”

Lalong tumalim ang mga mata ni Malaya. “Hindi nga marunong sumuko ang mga Hapones sa labanan. Pero kahit umabot pa sa pagka-*Kamikaze* o *hara-kiri* ang boss mo, wala pa rin kayong mapapala sa *Fauna*.”

Nakita niya sa periphery ng paningin na pinandilatan siya ng dalawang kaibigan.

“Goodbye for now, Dr. Magtanggol.” Binalingan nito sina Rianne at Casper. “Dr. Mendez, Dr. Hidalgo.”

“Bye,” mahinang sabi ni Rianne.

Tumango lang dito at matipid na ngumiti si Casper.

Halos sabunutan siya ni Rianne nang makalabas sa pinto si Traven. “You’re so mean, Aya! Bakit mo naman tinarayan nang bonggang-bongga ang guwapitong iyon?”

“Rianne, wala akong pakialam kahit mukha pa

siyang model ng *Armani*, ano! Alipores pa rin siya ng *Sakura*, inaagaw pa rin niya mula sa atin ang *Fauna!*”

“He was just trying to negotiate,” mahinahong sabi ni Casper. Ito ang unang pumayag sa kanilang tatlo na ibenta na ang clinic. Hindi nga lang nito ipinagpipilitan sa kanila ang kagustuhan.

“There is *no* negotiation,” matigas niyang sabi.

Umiiyak na umuwi galing school isang hapon ang pamangkin ni Malaya. Kapapasok lang niya sa gate ng kanilang bahay galing sa animal clinic.

“Agustin, ano’ng nangyari?” tanong niya sa walong taong gulang na bata. Anak ito ng kanyang namayapang Ate Dakila na isang sundalo, nag-iisang kapatid niya. Namatay ito sa isang helicopter crash kasama ang asawa nitong isa ring army officer apat na taon na ang nakararaan. Naka-station ang mga ito noon sa Mindanao.

“May sumuntok po sa akin kaninang uwian, eh,” sumbong ng bata.

“Sino?” galit niyang tanong. Ni hindi nila pinadadapuan ng kahit na lamok ang balat ni Agustin pagkatapos ay malalaman niyang may sumuntok

dito?

“Si Hiroshi po.”

Kumunot ang noo niya. “Hiroshi?” Batang Hapon pa yata ang nanakit sa kanyang pamangkin!

“Classmate ko pong bago.”

Sinuri niya ang katawan ni Agustin, ang mga braso, ang mukha. “Saan ka sinuntok?” Itinuro nito ang dibdib. “Masakit ba?”

Nakalabi itong tumango. “Opo.”

“Kailangan mo itong isumbong sa teacher mo, Agustin.”

“Eh peborit po ng teachers si Hiroshi. Bago kasi siya sa school saka balita ko, rich ang kuya niya.”

Umakyat ang dugo sa kanyang ulo. “Aba! Walang pebo-peborit dapat sa school! Pupunta tayo sa principal sa Lunes!”

Hindi niya dapat iparating ito sa kanyang mga magulang na nasa Guam, baka mapauwi ang mga iyon nang di-oras. At mas lalong hindi niya ito dapat ipaalam sa kanyang Lolo Ambrosio na World War II veteran, baka mag-ala-*Rambo* iyon at magwala sa school!

Lahat sila, overprotective kay Agustin. Siyempre, wala na ngang mga magulang ang bata, pagkatapos ay aapihin lang ng kung sinu-sinong batang *Tamagochi* diyan?

“Kuya, next time, puwede, pera na lang ang ibigay mong baon sa akin?”

Napaangat ang mukha ni Kaede mula sa kinakain.

“Sawa ka na ba sa mga pagkaing niluluto ni Manang Saling?” balik-tanong niya sa walong taong gulang na kapatid sa ama.

“Eh...” Tila nagdadalawang-isip ang bata na ituloy ang gustong sabihin.

“May problema ba, Hiro?”

“Ninanakaw kasi ng mga classmates ko ang mga pinapabaon n’yo sa akin, eh.”

Napahilot siya sa sintido. Hindi na niya yata mapapanindigan ang pag-aalaga sa kanyang kapatid. Heto’t dalawang buwan pa lang sa kanya ang bata ay nagkakaproblema na sa paaralan.

Ano ang nararapat niyang gawin? He used to live his life alone. Wala siyang kaalam-alam sa parenting.

Sixteen years old siya nang maulila sa ina, namatay ito sa isang vehicular accident, leaving his father—the late Tetsuo Takamura—lived his remaining life with only one leg functioning na kasama nitong naaksidente. Maaga siyang natutong maging independent. Tinulungan niya ang matanda sa pagpapatakbo sa kanilang negosyo, ang *Sakura Realty*, habang nag-aaral siya noon sa kolehiyo. Nang magtapos siya sa kanyang master's degree ay sa kanya na ipinasa ng ama ang pagiging presidente ng negosyo at napalago niya naman iyon sa murang edad.

Dumating si Hiroshi sa buhay niya nang makilala ng ama si Janina, isang batang social butterfly. Actually, sa kanya ito unang nagkagusto noon, umibig sa kabila ng agwat ng kanilang edad. Janina was twenty-five years old that time and he was barely eighteen. He fell in love with her, too, but he drove her away.

Well, he was young and naïve at hindi talaga siya ang tipong nagpapakita ng affection. He was always detached and cold. He was raised that way, hindi masyadong expressive sa kanyang mga emosyon, almost oblivious to everything. In his Japanese side, he was taught na ang pagpapakita ng emosyon ay isang kahinaan.

Nagulat na lang siya isang araw nang ipakilala ng kanyang ama si Janina bilang bagong asawa nito. Nasaktan siya noon but he never let anybody know about his feelings toward her. Ngunit hindi nakatagal ang babae sa piling ng kanyang ama. Humiwalay ito nang maipanganak si Hiroshi. Iniwan nito ang bata.

Two months ago ay namatay sa atake sa puso ang kanyang ama. Naiwan sa kanya si Hiroshi.

“Why are you letting them steal your food?”
kastigo niya sa kapatid.

“Inupakan ko kahapon ’yung isa sa kanila,”
nakangising sabi nito.

Napamulagat siya. “Hiroshi! Sino ang nagturo sa ’yo para manakit ng kapwa bata?”

“Well, namimihasa na sila, eh. I could only let them steal my food so many times, *oniisan*.”

Nailing siya. “Hindi pa rin excuse ’yan para manakit ka. Ano’ng ginawa mo sa kanya?”

“Sinuntok ko sa dibdib.”

He sighed. “Huwag mo nang uulitin ’yan, ha? Kung hindi, ipapadala kita sa Japan sa summer vacation, kay Uncle Daisuke.”

“Huwag naman! May usapan na tayo tungkol diyan, di ba?” protesta kaagad nito.

Gustong matawa ni Kaede sa reaksiyon nito. Dalawang sunod na bakasyon nang ipinadala ang bata ng kanilang ama sa bunsong kapatid nito sa Nagoya, Japan. Na-trauma yata.

Their *ojisan* Daisuke is an old bitter bachelor na nagtuturo ng aikido sa isang dojo. Dito siya ipinapadala ng ama noon tuwing summer vacation.

Napakaistrikto nito at masungit. At mas niyayakap nito ang kulturang Hapon. Pinili nito ang manatili sa Japan kaysa manirahan sa Pilipinas, di gaya ng kanyang namayapang ama na nakapag-asawa ng isang Pinay.

“Sige, kumain ka na,” aniya sa kapatid.

“Hindi mo pa sinasagot ang proposal ko tungkol sa perang baon.”

Whoa! Nagmana yata sa kanya ang bata sa pagiging pushy. “Oo na,” pagpayag niya. “Pero kailangan mong ibigay sa akin lahat ng resibo ng mga bibilhin mo.”

Nagkamot sa ulo si Hiroshi. “Naman! Pati ba banana cue sa likod ng school, kailangang hingan ko

'Til There Was Kaede - Yumi Sagara

ng resibo?” Namana rin nito ang kanyang sarcasm!

“Well, Hiro, that’s my answer to your proposal. Take it or leave it.” Itinuro niya ang plato nito. “Now, eat.”

2

Mainit pa rin ang ulo ni Malaya pagkapasok niya sa clinic dahil hindi niya inabutan ang principal sa school ni Agustin nang nakaraang araw. At lalong umusok ang bumbunan niya nang marinig ang ibinalita sa kanya nina Rianne at Casper.

“Pumayag na lahat ng business establishments dito sa gustong mangyari ng *Sakura*, Aya, puwera tayo,” sabi ng babae.

Nahahapo siyang napaupo sa harap ng mesa niya sa kanilang office space. “Ayokong ibenta ang clinic, guys.”

Lumapit sa kanya si Casper. “I know, pero wala tayong magagawa. At saka, tiba-tiba naman tayo kung tutuusin sa ibabayad sa atin.”

“Hindi pa rin ako papayag!” aniya.

“Aya, puwede pa tayong magtayo uli ng clinic sa ibang lugar dito sa downtown. And we can even use the remaining money para magpatayo ng pet store sa mismong mall. Magbebenta tayo ng pet foods, mga alagang hayop, pati na tropical fishes and birds,” pangungumbinsi pa nito.

“Cas, hindi mo ako naiintindihan. Malaki ang sentimental value sa akin ng clinic na ito. Dugo’t pawis ang ipinuhunan natin para lamang maipatayo ito, remember?”

“I know,” anito. “It’s just that—”

“Look, nasa pinakadulo ang clinic natin sa space na pagtatayuan ng mall na ’yan. Puwede naman nilang ipatayo ang gusaling ’yon na hindi magagalaw ang kinaroroonan natin, di ba?” putol niya.

“Masasakop tayo ng parking lot, I believe,” singit ni Rianne. “Malaki ang mall, kaya malawak din ang ilalagay na space para paradahan ng mga sasakyan.”

Ngunit buo ang kanyang loob. “Hindi pa rin ako papayag. Over my dead body! Kung kinakailangang magtuos kami ng Hapones na ’yan, gagawin ko para lamang iwan niya ang clinic natin!”

But the owner of *Sakura Realty* was a total enigma. Hindi yata high profile businessman si Ichiro. Mga pinagkakatiwalaang tauhan daw nito ang pinapakilos nito sa negosyo tulad ni Traven Ortega.

Hmph! Member siguro ng Yakuza!

Aba, kahit saan pang gang kasali ang Ichiro na iyan, hindi pa rin siya natatakot! Lumaban noon

sa mga Hapones ang kanyang Lolo Ambrosio at dalawa pang kapatid nito, and before that, kasali rin sa himagsikan laban sa mga Kastila ang kanyang mga ninuno. The Magtanggol clan was known to be warriors.

Hanggang sa kasalukuyang panahon, lumalaban pa rin para sa naaapi ang kanyang mga kamag-anak. Mga sundalo at pulis ang karamihan sa mga ito. Ang ilan ay abogado. Siya lamang yata ang lumihis ng landas at piniling maging beterinaryo. Pero hindi nangangahulugan niyon na hindi na niya alam ipaglaban ang kanyang karapatan bilang mamamayan ng bansang Pilipinas.

Walang Pilipino ang nabibili! Walang katapat na salapi ang dignidad!

Nakita niyang umikot ang eyeballs ni Rianne samantalang napabuga na lamang ng hangin si Casper. Alam niyang hindi mababali ng mga ito ang desisyon niya. Sa kanilang tatlo, si Malaya ang pinakamatigas ang ulo.

“Daig mo pa ang Chinese kung makakuwenta!” reklamo ni Hiroshi kay Kaede nang nasa study room sila ng bahay at ina-audit niya kunwari ang

pinagkagastusan ng kapatid sa loob ng isang linggo sa school.

“Naniniguro lang akong hindi mo pinaggagastos ang pera sa kabalbalan, Hiro, kaya manahimik ka diyan.”

Nakabusangot ang bata habang nasa harapan ng mesa niya, kuntodo halukipkip pa ito.

“May nawawalang five pesos,” mayamaya ay sabi niya.

“Para limampiso lang, eh!” nakamulagat na bulalas nito.

“Saan mo iyon ginastos?”

“Ibinigay ko sa pulubi.”

Tinantya niya ang mga mata nito. Mukha namang hindi ito nagsisinungaling. “O siya, lusot ka sa ngayon. Sige na, go to your room and do your homework.”

Tumayo na ito at tinungo ang pinto, ngunit may huling hirit pa ito. “You know what, *oniisan*, I think kailangan mong humanap ng girlfriend. Masyado kang maligalig, eh!”

Bago pa siya nakapiyok ay wala na si Hiroshi.

What the hell? Ano ba ang itinuturo sa grade school ngayon? Bakit may alam na sa girlfriend-girlfriend ang eight-year-old na kapatid niya?

Well, fine! Wala nga siyang girlfriend. Ngunit hindi iyon ang dahilan kung bakit maligalig siya. O, maligalig nga ba siya?

When was the last time that he went on a date?

Hindi na yata niya matandaan. Hindi na pala niya masyadong napagtutuunan ng pansin ang kanyang social life dahil sa pamamahala ng negosyong iniwan sa kanya ng ama.

Nag-inat siya at pinaikot ang kinauupuan niyang swivel chair.

He was turning twenty-nine in a few months. At parang kailan lang noong magtapos siya ng MA in Economics. Napakabilis ng panahon! Soon, hindi niya mamamalayan, magbibinata na rin si Hiroshi. May girlfriend-girlfriend na ngang nalalaman ang diyaskeng bata, hindi ba?

Dinampot niya ang telepono at tinawagan ang kanyang executive assistant. Ipina-cancel niya ang appointment bukas—no, ipapadala niya na lang si Traven, ang pumalit sa kanya bilang Chief Executive Officer nang ipasa sa kanya ng ama ang presidency sa

Sakura Realty. Sabado pala bukas, dadalhin niya sa *Manila Ocean Park* si Hiroshi. Ipapaalala niya ditong bata pa ito at kailangang i-enjoy ang kabataan.

Naaalarma siya sa mga pinagkikilos ng kapatid. Hindi ito childish na natural lamang na ugali ng isang kaedad nito. Para na itong matanda kung magsalita. Hindi rin sila nagkaroon ng gaanong bonding dahil hiwalay na siya ng tahanan magmula pa noong nagtapos siya ng kolehiyo. Sa isang penthouse siya tumira.

Lumipat siya rito sa San Bartolome matapos ang libing ng ama, sa isang Japanese house na ipinagawa nito. Sad to say, hindi na nito naabutan na matapos ang bahay. Nalaman pa niya mula sa pinagkakatiwalaang executive assistant ng kanyang ama noon at kaibigan niyang si Traven, balak palang magpatayo nito ng isang malaking mall sa bayang ito. He vowed on the old man's grave that he would fulfill his plan.

So, here he was, living in this house with his little brother and a househelper. Hindi naman siya nagsisisi. Tahimik ang buhay sa probinsya, simple lang. Besides, malapit lamang ang Manila sa kinaroroonan niya, napupuntahan pa rin niya ang main office ng *Sakura Realty*. At kahit hindi araw-araw ang pagpapakita

niya roon ay mapagkakatiwalaan ang kanyang mga tauhan, lalo na si Traven na para na niyang kapatid. His father had chosen the leaders of the *Sakura* so well. At lahat ng mga iyon ay loyal sa kanyang pamilya.

“Damuhong bata ’yan, ah!” bulalas ni Lolo Ambrosio isang Biyernes ng hapon.

Hindi na naitago pa ni Agustin ang dumudugong ilong pagkauwi nito galing eskuwelahan.

At bago pa napigilan ni Malaya ang matanda ay pahangos itong naglakad patungo sa pribadong paaralan.

Ngunit siyempre pa, wala na itong naabutan doon.

“Humanda ang mga linsyak na gurong ’yan sa Lunes!” humihingal sa galit na sabi nito nang mapagtantong sarado na ang gate ng paaralan.

“Lolo, ang puso n’yo po!” paalala niya.

“At nakupow! Pasalamat ang batang sakang na iyon at hindi ko naabutan! Kung di’y itatali ko sa puno at ipapapapak sa mga malalaking langgam!”

Hinila na niya pauwi ang abuelo. Matanda na masyado ito upang ma-stress pa nang ganoon. “Tara na pong umuwi, ako na’ng bahala dito sa Lunes.”

Kinagabihan ay kinausap niya nang masinsinan si Agustin sa silid nito. “Ano ba’ng ginagawa mo sa batang Hapones na iyon at pinag-iinitan ka yatang sampolan ng bugbog?”

Yumuko ito. “Wala po.”

Itinaas niya ang baba nito. “Gus, sabihin mo sa Tita ang totoo.”

“Yung mga kalaro ko po ang may kasalanan, eh. Tinutukso nila si Hiroshi saka inaagaw ’yung lunchbox niya. ’Tapos nagtatakbuhan sila palayo, pero ako naman lagi ang nahahabol ni Hiroshi.”

Pagdating ng Lunes ay bisita nga siya ng principal.

Iginiit niyang mag-set ng meeting with Hiroshi’s parents. Ngunit wala na raw mga magulang ang bata at ang kuya nito ang tanging guardian nito.

No wonder na bayolente ang batang iyon. Mana siguro sa kuya!

Okay, sabihin nang may dahilan para magalit si Hiroshi sa mga pilyong kaklase, pero sobra naman yata iyong saktan nito nang pisikal ang pamangkin

niya lalo pa't wala itong kasalanan dito!

Ngunit dumating ang takdang araw ng meeting at hindi nakarating ang guardian ni Hiroshi.

“Rianne, this has to stop! Baka sa susunod, ma-samurai na ang kawawa kong pamangkin ng salbaheng batang Hapones na iyon!” rant ni Malaya habang sakay sila ng *Toyota Avalon* ng kaibigan.

Kaya niyang bumili ng sariling kotse kung tutuusin, but she always felt that driving wasn't meant for her. And she never needed a car, anyway. Twenty-four hours ang public transport sa bayan nila, madaming tricycles, lalo na sa Barangay Poblacion Sur na tirahan niya. At kadalasan, mga kotse nina Rianne at Casper o ang service van ng *Fauna* na minamaneho ng kanilang driver/utility man ang ride niya.

Hahanapin nila ngayong Linggo ng hapon ang bahay ni Hiroshi Takamura. Nasabi na sa kanya ni Agustin ang baryong tirahan ng bata. Hindi mahirap hanapin iyon dahil malapit lang iyon sa kanila.

Ilang mga tao rin ang napagtanungan nila nang sumapit sila roon bago nila narating ang isang Japanese-style na malaking bahay na tirahan nga

raw ng isang lalaking may apelyidong Takamura at isang bata.

“Aya, paano kung tayo naman ang isa-samurai?” nahihintakutang usal ni Rianne.

“Magtigil ka nga diyan!” singhal niya.

The house was extremely beautiful. Wala iyong bakod. Mayroong isang napakagandang rock garden sa harap na kinatatamnan ng mga halamang pulos foliage. Mayroon din doong isang bamboo waterfall. Napakalamig at payapa ng dating niyon sa paningin. Parang ang sarap mag-relax doon...

Pero sa malas ay hindi niyon napayapa ang naghihimagsik na kalooban niya.

Humanda sa kanya ang sinumang kuya ng Hiroshi na iyan. Makakarinig iyon ng sandamakmak na sermon tungkol sa pagpapalaki ng bata!

Tumuntong sila sa wooden porch ng bahay at nag-doorbell.

Isang matangkad na lalaki ang nagbukas ng malapad na sliding door.

“*Banzai!*” narinig niyang mahinang naibulalas ni Rianne.

3

Napanganga si Malaya nang matunghayan ang mukha ng lalaking nagbukas sa kanila ng pinto, tutop naman ng kanyang kaibigan ang bibig nito.

Nag-uumapaw ang kaguwapuhan nito!

He was wearing a white shirt and a baggy dark blue shorts, nakamedyas ito ng puti. Halos six feet yata ang tangkad nito, katamtaman ang pagkakayumanggi ng balat, parang sa basketball player ang built ng katawan.

Lalo siyang nabighani rito nang ma-focus sa mukha nito ang kanyang paningin.

Makipot ang mga labi nito, maganda ang hugis ng ilong, medyo prominente ang jawbone. And his dark eyes—they were almond-shaped pero hindi single eyelid.

Almond-shaped? *Kung ganoon, ito kaya ang...*

“Yes, Ladies, may I help you?” tanong nito sa baritonong boses, ni walang kangiti-ngiti sa mukha.

Nag-stammer siya. “I... ah... uhm...”

Si Rianne ang nagsalita habang nakangiti. “Good afternoon. We’re looking for Hiroshi Takamura.”

“I’m his brother. May maipaglilingkod ba kaming magkapatid sa inyo?”

Nagkatinginan sila ni Rianne.

Geez! Ang inaasahan niyang kapatid ni Hiroshi ay isang mukhang Hapones. Ang kaharap nila ngayon ay Pilipinong-Pilipino ang features liban na lang sa mga mata at sa magandang ilong. At nagta-Tagalog!

Siniko siya ng kaibigan.

“Ah, yes.” Tumikhim siya at pinatuwid ang tayo. Hindi siya dapat maapektuhan ng charm ng semi-Hapones na ito. Sabihin nang saksakan ng guwapo ito, ngunit hindi pa rin iyon nangangahulugang mapapalampas niya ang kabulastugan ng nakababatang kapatid nito. “Pamangkin ko ang isang classmate ni Hiroshi, si Agustin Magtanggol. Nandito ako para pag-usapan sana natin ang pananakit ni Hiroshi sa kanya.” Pinilit niyang maging menacing ang boses ngunit tila nabigo yata siya. Ni hindi niya nagawang i-launch ang secret weapon niyang ‘killer eyes’.

Natutunaw siya sa tingin sa kanya ng lalaki!

Tumikhim siya. “Dalawang beses nang sinasaktan ng kapatid mo si Agustin. Dumugo pa nga ang ilong ng bata the second time Hiroshi attacked him.”

“What? W-wait...” Exasperated na nahilot nito ang sintido. “I... I’m sorry. Tuloy kayo,” anyaya nito, itinulak all the way ang sliding door.

Muling nagkatinginan ang dalawang babae. Nagdadalawang-isip sila pareho kung magtatanggal ba ng sapatos bago pumasok sa bahay.

Wari’y nabasa ng lalaki ang lumiligalig sa kanila. “You don’t have to take your shoes off,” anito.

Tumuloy sila sa loob. The house interior was what you call minimalist in interior design. Brown and ivory ang mas angat na kulay ng mga muebles.

Nakita niyang nanlaki ang mga mata ni Rianne at napalunok saka napahawak pa ito sa leeg nang makita ang isang mahabang samurai na nakasabit sa dingding.

“Have a seat,” anang lalaki.

Tumalima sila.

“So, what were you saying about Hiroshi?”

“Sinasantan niya ang pamangkin ko,” direct-to-

the-point na sagot niya. “We were supposed to have a meeting with the school principal last Wednesday.”

“Walang nasabi sa akin ang bata. Nasa bahay ng kanyang tutor si Hiroshi ngayon. But I’ll make it sure na kakausapin ko siya nang masinsinan pag-uwi niya.”

“Iyan nga rin sana ang ipapakiusap ko, Mr. Taka—”

“Kaede. Just call me ‘Kaede’, please.”

“K-Kaede.” Wala pa yata siyang na-e-encounter na ganoong Japanese name.

Sumulyap siya sa katabing si Rianne. Tila nababatu-balani na yata ang kaibigan niya sa lalaki! Tutok na tutok ang mga mata nito rito and she had that stupid dreamy smile on her lips.

“It’s not really my brother’s nature na manakit ng kapwa bata.”

“Well, wait ’til you talk to him, Kaede. Ang sabi ng pamangkin ko, napagkakatuwaan daw ng mga kalaro niya si Hiroshi at siya lagi ang nahahabol nito para gantihan sa pisikal na paraan,” paliwanag ni Malaya

“Damn it!” mahina ngunit mariing usal nito. He

looked genuinely clueless sa mga pinaggagagawa ng kapatid. “Kakausapin ko siya mamaya,” anito. “Would you like something to drink?” pang-iiba nito sa usapan.

“No, thank you. Hindi na kami magtatagal.” Tumayo na siya kahit nagpoprotesta pa ang tingin sa kanya ng kasama.

“Okay, Miss...?”

Geez! Hindi pa pala nila naipakilala ni Rianne ang mga sarili kay Kaede. “Magtanggol. Malaya Magtanggol.”

Nagbago saglit ang facial expression nito, waring may inaalala, pagkuwan ay iniabot nito ang kamay sa kanya. Nanginginig pa yata ang kamay niyang tinanggap ang pakikipag-handshake nito. His hand was soft, parang kamay ng isang prinsipe.

Binalingan nito ang kaibigan niya. “And you are...?”

“Rianna Elaine Mendez. Rianne for short.” At napakalapad ng ngiti nitong inabot ang kamay ng lalaki.

Sa kotse ay pinakawalan ng kaibigan ang mahabang tili na halos ikinatulig ni Malaya.

“Diyos na Mahabagin, Rianne!” naibulalas niya. “Oh, my God! Ang guwapo-guwapo niya, Aya! Willing akong pa-katana sa kanya’t mamatay sa kanyang matitipunong bisig!”

Pinigil niya ang sariling batukan ito. “Guwapo nga, mukha namang masungit at suplado.”

Napaka-intimidating ng dating ng Kaede na iyon!

Pero hindi tatalab iyon sa kanya. Oras na malaman niyang sinasaktan uli ni Hiroshi ang kanyang pamangkin, hahasain niya ang itak ni Lolo Ambrosio laban sa samurai ng mga Takamura!

Kinastigo kaagad ni Kaede ang kapatid pag-uwi nito mula sa bahay ng Math tutor nito.

“Sila naman ang nauuna, eh. Nananahimik na nga lang ako sa sulok, ginugulo pa rin nila ako,” dahilan nito.

“All right, but that doesn’t give you any right to hurt them! Especially that Agustin kid na wala naman palang ginagawang kalokohan sa ’yo!”

“Malas niya, mabagal siyang tumakbo, eh.”

“Hiroshi! Nag-usap na tayo tungkol dito, hindi

ba?” Tumayo siya mula sa kanyang swivel chair at nag-squat sa harapan ng upuan ng bata. “How many times do I have to remind you na pang-self-defense lamang ang natutunan nating fighting techniques?”

“Lagi nila akong tinutukso! Kesyo umuwi na raw ako sa Japan at alagaan sina *Pikachu* at *Doraemon*. ’Tapos hinahanap pa nila sa akin ang Yamashita treasure. *Oniisan*, they’re a bunch of stupid, silly kids!”

Hinawakan niya ang magkabilang balikat nito. “Natural lang sa mga bata ang magtuksuhan at magkulitan, *jakutei*. Try to befriend them instead. Baka pinagtitripan ka lang kasi hindi ka nakikipagkaibigan sa kanila. You’re an eight-year-old kid, for Christ’s sake! Act like one!”

“*Hai*,” mahinang sagot nito. “*Gomenasai*.”

“Kay Agustin ka mag-sorry.”

“Kaede, ayaw bumigay ni Dr. Magtanggol. Kinausap ko uli sila kanina sa *Fauna* at halata kong pumapayag na ang dalawang kasamahan niya pero matigas pa rin siya. And maybe this has something to do with her family’s repugnance to everything that is Japanese. Ayon sa kanyang background na bigay

sa akin ni Riley, survivor ang kanyang lolo sa Death March but his two brothers didn't make it.”

Si Riley Altamirano ay kaibigan nila at part-owner ng *Redux*, isang private security and investigation services. Ito ang inuupahan nila kung may gusto silang i-background check na mga kliyente o nagbabalak maging investors.

“Tell her she can name her price. Kailangan na nating maipatayo ang mall sa lalong madaling panahon.”

“Paano kung ayaw pa rin?”

“C'mon, Traven! Why are you even asking me all these? Ikaw ang most trusted sa mga tauhan ni Papa. Eksperto ka sa mga pasikot-sikot sa business world. Hell, you can even run the whole enterprise if I let you.”

“You don't know this woman, Kaede! Suko na ako sa kanya. Buti pa nga sa mga terrorists, may negotiation; sa babaeng ito, wala talaga!”

“I already met her.” At isinalaysay niya rito kung paano nagkrus ang landas nila ni Dr. Malaya Magtanggol.

“Then, you should handle her,” suhestyon

ni Traven nang matapos siyang magkuwento. “Makipagkaibigan ka, ipakilala mo sa kanya ang kulturang Hapones. Ipadama mong wala siyang dapat kamuhian sa lahi mo.”

“Kung magsalita ka, para naman akong full-blooded Japanese. I was born here, I am a Filipino citizen. I’m just twenty-five percent Japanese; mas nananalaytay pa rin sa aking mga ugat ang dugong Pinoy.”

“Kaede-san, that pretty but feisty vet is all yours,” pasya pa rin nito. “I’ve done my part. Ikaw na ang bahala sa babaeng ’yon at wala akong pakialam kung sumakit din ang ulo mo dahil sa kanya.”

Tinaasan lang niya ng kilay ang kaibigan.

4

Muling napatingin si Malaya sa kanyang *Swatch* na relo. Twenty minutes na sila ni Agustin sa *Jollibee*, ngunit hindi pa dumarating ang hinihintay nila.

Ayon sa bata ay makikipagkita ito kay Hiroshi. Nag-uumpisa na raw na maging magkaibigan ang mga ito, hindi na rin ginugulo ng mga kalaro ni Agustin ang kapatid ni Kaede dahil kasali na ito sa grupo ng mga bata. At ngayong araw ng Sabado ay may usapan ang kanyang pamangkin at si Hiroshi na gumala sa downtown. At siyempre, hindi niya ito basta-basta papayagang lumakad nang mag-isa kaya sinamahan niya ito. Maybe she could do her shopping while the kids play at a computer arcade.

Ngunit hindi nag-iisa si Hiroshi nang dumating. Kasama nito ang kuya nito.

Alanganin siyang ngumiti sa lalaki nang mamalas niya kung paano ito nagulat pagkakita sa kanya roon. Nahuli rin niyang nagkatinginan at pilyong nagkangitian ang dalawang bata.

Set-up ba ito?

“Hey,” alanganing bati ni Kaede nang makalapit

sa mesa nila. Nakasuot ito ng faded blue denims at asul na t-shirt na tinernuhan ng black and blue *Nike* rubber shoes. His dark hair was deliberately messed-up with a light wax. Napaka-casual ng get-up nito pero napakaguwapo pa rin sa kanyang paningin.

“Hi,” bati niya pabalik, sabay iwas ng tingin. Ano ito at parang nahihiya yata siya? Kailan pa nagkaroon ng salitang *hiya* sa bokabularyo niya?

“O, kain na tayo. Nagugutom na ako!” masayang sabi ni Hiroshi.

“Okay lang sa ’yo na dito tayo kumain?” tanong sa kanya ng lalaki. “We can go to other restaurants if you want.”

“Okay na dito. Mas gusto dito ng mga bata,” sagot niya.

Masaya ang dalawang bata habang kumakain samantalang wala silang kibuan ni Kaede.

At nananadya nga yata ang dalawang paslit, talagang pinagtabi sila sa upuan!

Humanda ka sa bahay, Agustin!

Palihim na tinitigan ni Malaya ang katabi, hindi niya mapigil ang sarili. Napakalakas ng hatak ng karisma nito sa kanya. O, kung karisma ngang

matatawag ang malamig at blangko nitong mga mata at hindi ngumingiting mga labi.

Naramdaman yata nito ang mga mata niyang nakapagkit dito. Ipinaling nito ang mukha sa kanya. At huli na para magbawi siya ng tingin.

Gusto niya yatang mahulog sa upuan! Ngumiti si Kaede sa kanya.

OA na kung OA! But this man's little smile just rocked her whole damn world!

Halos hindi humihingang binawi na ni Malaya ang tingin at sumipsip nang todo sa tangan na malaking plastic cup ng iced tea. Napaubo siya nang sunod-sunod nang masamid, nabugahan pa yata niya ng likido si Hiroshi na nasa harapan niya.

Tatawa-tawa lang ang batang nagpunas ng table napkin sa mukha.

Wa poise!

Naramdaman niya ang isang kamay ni Kaede, gently patting her back. "Are you okay?"

Pinigil niya ang magsalita, baka maubo uli kasi siya. Napatango na lamang siya. Dahil pati kamay nito sa likod niya ay nagpapatindig ng balahibo niya sa katawan!

Bakit ganito katindi ang epekto nito sa kanya?

Nang magpasyang maglaro sa isang computer arcade ang mga bata ay niyaya siya ng binata na gumala sa loob ng mall. Marahan silang naglakad-lakad.

Hindi kaya napapanis ang laway ng lalaking ito? Tahimik masyado at sa malayo lagi nakatingin.

Di na siya nakatiis. “Pinagkaisahan yata tayo ng dalawang iyon,” sa wakas ay basag niya sa katahimikan.

“Sa palagay ko nga,” sang-ayon nito.

Pero bakit? Imina-match ba sila sa isa't isa? So, ang ibig sabihin, single pa ang guwapong semi-Hapones na ito?

Ayan, kinikilig na siya. At hindi niya yata natatandaan kung kailan siya huling kinilig. Ni ang una at huling naging nobyo niya noon sa kolehiyo ay hindi ganito ang epekto sa kanya. Kung boyfriend ngang matatawag iyon, nakuha lamang kasi sila nito sa pangangantyaw ng buong barkada. They just went out on dates, at sa cheeks nga lang siya nito nahalican.

What was so special about Kaede Takamura that

was making her feel this way?

Nang may mapansin siya sa loob ng isang restaurant mula sa glass wall niyon. Tumigil siya sa paglalakad.

It was Rianne, may kasama itong kumakain. Isang lalaki. At pamilyar sa kanya ang lalaking iyon!

It was Traven Ortega.

From where she was standing, kitang-kita niya ang ngitian ng dalawa sa mesa. Napailing siya. Mukhang nagamitan ng charm ni Traven ang kaibigan niya upang mapapayag itong ibenta ang *Fauna*.

“What’s wrong?” sita ni Kaede. Napansin siguro nitong dumilim ang mukha niya.

“M-may nakita lang akong kakilala sa loob,” sagot niya. Hindi niya napigil ang mapabuntong-hininga.

Sinundan nito ang tingin niya. “That’s Rianna Elaine, right?”

“Natatandaan mo pala siya,” aniya. “She’s my friend and business partner. At ’yung kausap niya namang guy, CEO ng isang Japanese business enterprise na gustong bumili sa vet clinic namin.”

“You mean, the *Sakura Realty*?”

Napatingin siya rito.

“I heard about it,” anito. “Gustong magpatayo ng isang malaking mall dito ang may-ari.”

“Hindi ko ipagbibili ang clinic,” matigas niyang sabi saka nagpatuloy sa paglakad.

Sumabay si Kaede. “Ayaw mo bang magkaroon ng mas malaking mall dito sa downtown? Balita ko, mura daw ang presyo na ipapataw nila sa mga grocery goods.”

Overpricing nga sa grocery at department store ang mall na kinaroroonan nila ngayon. Palibhasa, nag-iisang mall sa kanilang bayan.

Umingos pa rin siya. “Wala akong pakialam.”

“Magkakaroon ng maraming trabaho para sa mga tao dito.”

Dumaldal yata! At bakit ba parang ipinagtatanggol ng lalaking ito ang *Sakura*?

Damn it! May lahi nga pala itong Hapones! Natural nga na kampiyan nito ang may-ari ng negosyo. Pero mas lamang naman ang dugong Pilipino sa ugat nito, hindi ba? Traydor sa Inang Bayan!

Kuwento sa kanya ni Agustin, magkapatid daw

sa ama sina Kaede at Hiroshi. Japanese ang paternal grandfather ng mga ito, purong Pilipina ang lola. Parehong Pilipina ang mga ina, which made them to be at least one-fourth Japanese.

“Pag-isipan mong mabuti, Malaya. Hindi lang naman ang *Sakura* ang makikinabang sa ipapatayong mall dito.”

Well, inaamin niya, Kaede had a point there. Either that o malakas lang talaga ang convincing power nito. Pero hindi pa rin siya makukumbinsi ng kahit na sino.

Lubog na ang araw nang magpasya silang umuwi.

Napilit siya ng lalaki na ihatid sila sakay ng isang mamahaling kotse, *Infiniti FX50*.

Ipinagbukas siya nito ng pinto ng front passenger seat matapos huminto ang kotse sa tapat ng kanilang bahay.

“Thank you,” kimi ang ngiting sabi niya sa lalaki bago siya bumaba.

“I had a great time, Malaya. Sa susunod uli?”

Pinigil niya ang muling pagdapo ng kilig.

Gaga! Ang ibig niyang sabihin, sa susunod uli na

may EB ang mga alaga n'yong mga paslit!

Nang dumating ang unang araw ng work week...

"I'm sorry, Aya, but I think may karapatan naman siguro akong magdesisyon para sa negosyo natin," ani Rianne sa kanya matapos nitong ihayag ang desisyon ukol sa pagbebenta ng clinic.

"I understand, Rianne," matapat niyang sabi. "Humihingi lang ako ng time para makapag-isip nang mabuti, sana maintindihan n'yo iyon." Tumingin siya kay Casper, humihingi ng pang-unawa ang mga mata.

"Take your time, Aya," anito. "Huwag kang gumaya sa iba diyan na napapayag lang dahil sa date."

Umusok ang bumbunan ni Rianne. "Hindi iyon date, tange! Business meeting iyon. Ang sabihin mo, inggit ka lang. Wala kasing nakikipag-date sa 'yo. Mahadero to the bones ka kasi kaya TO lahat ng girls sa 'yo!"

"Sino'ng mahadero?"

Napatirik ang mga mata niya. *Hay naku, heto na naman po sila!* Naging hobby na yata ng dalawang ito ang magbangayan!

"Guys, tama na 'yan. Lunes na Lunes,

nagbabangayan na naman kayo,” awat niya sa mga ito.

Isang Sabado ng hapon ay nagulat si Malaya nang bisitahin sila sina Kaede at Hiroshi sa kanilang bahay.

May dala-dalang food container ang lalaki. Ang bata naman ay may bitbit na game console. Sa tingin niya ay *PlayStation 3* iyon.

“Uhm... sorry, hindi kami nagpasabi,” parang nahihiya pang saad sa kanya ni Kaede nang patuluyin niya ang mga ito. “Nagpauto kasi ako sa kapatid ko.”

“O-okay lang,” uneasy na tugon niya, inipit sa likod ng kanyang tainga ang ilang hibla ng buhok niyang lumaylay mula sa kanyang ponytail.

Goodness! Katatapos lang niyang maglinis ng bahay at pawisan pa siya. Madumi pa ang suot niyang shorts at t-shirt. Pakiramdam niya ay nanlilimahid siya sa harapan ni Kaede! Paano naman, kahit plain gray t-shirt at itim na baggy jogging pants lang ang suot ng lalaki ay parang ang bango-bango pa rin nitong tingnan!

Tuwang-tuwa namang sinalubong ni Agustin ang

mga bisita. Kaagad itong naupo kasama ni Hiroshi sa harapan ng malaking TV sa sala at inumpisahang i-set-up ang *PlayStation 3*.

Nang pumasok doon si Lolo Ambrosio, nakita nito ang mga bisita.

Nagbigay-galang dito si Kaede, bahagya pang yumukod. “Magandang hapon ho.”

Tumayo rin mula sa sahig si Hiroshi at binati ang matanda. Sa gulat nito ay nagmano ang bata rito.

Nagsalubong ang dalawang kilay ni Lolo Ambrosio. “Eto ba ’yung magkapatid na Hapones?” sita nito kay Malaya.

Hanggang ngayon ay hindi pa rin kumbinsido ang matanda na magkaibigan na sina Agustin at Hiroshi. Parati nitong sinasabon ang apo sa tuhod sa tuwing nagkukuwento ito sa kanila tungkol kina Kaede at Hiroshi.

Nahihiyang tumingin siya sa binata. Tumango lang ito sa kanya, tila naiintindihan nito kung saan nanggagaling ang aversion ng kanyang abuelo.

Naikuwento na sa kanilang maglolo ni Agustin kung paano nagkakilala ang namayapang lolo at lola ng magkapatid na Takamura. Isang sundalo si Lolo

Masaru na nakigiyera sa Pilipinas noong World War II, well, not actually a soldier per se but a medic. Nakilala nito si Lola Soledad at dinala sa Japan para maging asawa. Nagkaroon ang mga ito ng tatlong anak, si Tetsuo—na ama nina Kaede at Hiroshi; Haruko na nasa Hawaii at ang bunsong si Daisuke na nasa Nagoya.

Lumapit siya sa abuelo. “Lolo, hindi ho sila—”

“Siya, siya! May dugong Hapones.” Napansin nito ang hawak niyang food container. “Ano ’yan, panuhol?”

Nangiti lang si Kaede.

“Hindi ako kumakain ng sushi! Sumasama ang sikmura ko sa hindi lutong isda!”

Nagsalita na ang binata. “Adobong manok ho ’yan, Lolo.”

Umingos lang ang matanda saka tinungo na ang pinto ng silid nito.

“Pasensya ka na,” hiyang-hiyang sabi niya kay Kaede.

“Wala ’yun,” tugon nito.

“Have a seat,” aniya, itinuro ang sofa.

“Thank you,” anito at naupo na.

“Maiwan ko muna kayo dito sandali. Tatapusin ko lang ang pagwawalis sa likod,” paalam niya sa mga ito. Binalingan niya ang pamangkin. “Agustin, may *Sprite* sa ref, meron ding natira sa ginawa kong banana bread.”

“Ako na po’ng bahala!” sabi ng bata.

Inilagay niya ang food container sa ibabaw ng kitchen table at lumabas siya sa back door ng bahay. Mabilis niyang tinapos ang pagwawalis ng mga tuyong dahon. Ilang saglit pa’y dalawang malalaking itim na garbage bags na may drawstrings ang napuno ng hinakot niyang mga dahon.

Dalawang linggo rin yata ang nakalipas bago siya nagwalis ng bakuran. Hindi na kasi makaya ni Lolo Ambrosio na gawin iyon, madali nang sumakit ang likod nito. Kumuha kaya siya ng kasambahay? Kaso baka di makatagal sa lolo niya. Nuknukan kasi ng sungit at antipatiko pa ang biyudong matanda.

Ibinubuhol niya ang tali ng isang garbage bag nang may humawak doon.

Si Kaede. “Ako na,” anito at bago pa siya nakapiyok ay nahawakan na nito iyon at itinuloy ang pagbuhol sa drawstrings.

Hindi siya pumayag nang akmang bibitbitin na nito ang mga iyon. “N-no, ako na dito.” Sa muli niyang pagyuko upang hawakan ang mga garbage bags ay nag-umpog ang mga noo nila ng lalaki.

Sabay pa silang napatuwid ng tayo at sapo ang kani-kanyang noo.

“Ouch!” ani Kaede na bagaman mahina lang iyon ay narinig pa rin ng dalaga.

“I.. I’m sorry!” Gusto niyang lumubog sa kinatatayuan. Hindi, gusto niyang isama ang sarili sa mga tuyong dahon sa garbage bags at magtago roon!

“It’s okay,” nakangiwing sabi nito. Hinawakan nito ang kamay niyang nakatutop sa noo niya. “Let me see that,” mabini nitong saad, gently pulling her hand down.

Napigil ni Malaya ang hininga nang humaplos ang mahahabang daliri nito sa kanyang noo.

“I think you’ll be fine,” anito. “Mas malaki yata ang magiging bukol ko. Ang tigas pala ng noo mo!”

Napatawa siya.

Muli nitong dinampot ang mga garbage bags. “Saan ba ilalagay ang mga ito?”

“Sa harap ng gate,” aniya.

Naglakad na ito patungo sa sinabi niyang lugar. Nahihiyang bumuntot siya rito.

“Thank you, ha?” aniya habang naglalakad sila pabalik sa loob ng bahay.

“You’re welcome.”

“Kaede, puwedeng magtanong?”

Napahinto sila sa harapan ng pinto.

“Sure.”

“Ang first name mo, parang hindi pangkaraniwang Japanese name. Ano’ng meaning niyan?”

“Oh. It’s actually a Japanese unisex name meaning maple. Tama ka, hindi nga masyadong popular ito.”

Kaede... maple... Hmm... as yummy and sweet as maple syrup ang hunk na ito! pilyang naisip niya. Pero siyempre hindi niya isinatinig iyon. “Nakakatuwa naman ang pangalan mo,” sa halip ay komento niya.

“I also love your name. Napaka-significant ang meaning. Masarap bigkasin. Malaya.”

“T-thank you,” puno ng flattery na saad niya. Kay Kaede lamang niya narinig ang pinaka-sweet na

yatang pagbigkas sa kanyang pangalan.

Nang dumungaw mula sa bintana ng kuwarto ang lolo niya. “Uy, Malaya, sa loob nga kayo mag-usap ng bisita mo!”

“Opo,” tugon niya na lang.

Ang lalaki pa ang nagbukas ng pinto para sa kanya.

Papalatag na ang dilim nang magpaalam ang magkapatid na Takamura. Nag-enjoy nang husto ang dalawang bata at matiyagang binantayan ang mga ito ni Kaede na manaka-naka’y kausap niya.

May pag-asa yata silang maging close nito. Bakit, umaasa ba siyang maging close sila nito?

Nasundan pa ang togetherness nina Kaede at Malaya kasama ang dalawang bata. Ngayon ay heto sila sa isang sinehan, nanonood ng isang 3-G animated film ng *Pixar*.

Hindi niya trip manood ng kahit na anong klase ng animated film, pero napilitan lang siyang sumama dahil kay Agustin. Or, hell, dahil kay Kaede. Dahil kung tutuusin, puwede naman niyang pasamahin na lang sa magkapatid ang pamangkin at magpaiwan,

kasong magnet na yata siya ng charm ng binata.

Gusto niyang kutusan ang sarili. Bakit niya hinahayaang mahulog ang loob sa kapatid ni Hiroshi? They barely knew each other! Uh, well, dahil siguro harmless attraction lang ang nararamdaman niya. Kahit naman sinong babae ay maaakit din kay Kaede, kikiligin sa ngiti nito. May kalyo na lang sa dibdib ang hindi.

Napalingson siya sa katabi nang magtawanan ang audience dahil sa comic relief ng pelikula.

Tumatawa din pala!

And, gosh! Bakit kailangan nitong maging boyish and cute pag tumatawa? Lalo tuloy siyang kinikilig. Parang gusto yatang tumirik ang mga mata niya.

Speaking of mga mata, mahapdi dahil sa pagod at puyat ang mga iyon. Nang nakalipas na gabi ay naglamay silang tatlong vet sa *Fauna* dahil sa isang asong may-sakit, si McClane. Kinailangan nila iyong obserbahan ng twenty-four hours. Stable na ang kalagayan ng aso. For now.

Hindi namalayan ng dalaga na nakatulog na pala siya sa gitna ng palabas. Isang mahinang tapik sa pisngi ang gumising sa kanya.

“Malaya, wake up.” Boses iyon ni Kaede.

“U-uhm...”

“Tita, tapos na’ng palabas!” singit ni Agustin.

Nagmulat siya ng mga mata. At nagulat siya nang matuklasang nakaidlip pala siya sa balikat ni Kaede. Napatingala siya sa mukha nito and he was looking back at her. He was so close she could feel his breath.

Bigla siyang nag-panic. Sa pagbalikwas ay nasagi ng isang kamay niya ang baso ng *Sprite* na nasa cupholder ng kanyang upuan. Tumapon ang likido sa kandungan ng binata.

“O-oh, God! I’m sorry! I’m so sorry, Kaede!” Hiyang-hiya siya sa nagawa. Bakit ba nagiging clumsy yata siya sa harapan ng lalaking ito?

Nahilot ni Kaede ang baba habang nagda-drive siya pauwi. Pakiramdam niya ay nanlalagkit ang kanyang balat sa tumapong soft drink sa kandungan niya.

Napangiti siya at napailing nang maalala ang pagkatuliro ni Malaya sa sinehan. Kulang na lang ay punasan nito ang nabasang lap niya.

What's with that girl? Parang mga eksena sa slapstick comedy ang nangyayari pag nagdidikit silang dalawa. But strange because he kind of found it... *kawaii*.

Cute? Hindi pa yata niya nagagamit ang adjective na iyon na pang-describe ng kahit ano.

Naramdaman niya ang pagsiko ni Hiroshi sa kanyang tagiliran. “Uy, si Kuya, ngumingiting mag-isa! Sintomas daw ’yan ng amoritis.”

Kumunot ang noo niya. “Amoritis?”

“Pagiging lovesick!” Ang lakas ng tawa ng kapatid.

“Hiroshi! Ano ba’ng pinagtuturo sa ’yo ng paaralang ’yan?”

Hindi nito pinansin ang paninita niya. “Aminin mo na, may tama ka kay Doc Aya!”

“Tumigil ka diyan!” singhal niya na tinawanan lamang ng bata.

Saglit siyang lumingon dito at napangiti na lamang siya. Hindi dahil sa sang-ayon siya sa mga sinabi nito, ngunit sa kadahilanang natutuwa siya at masaya ang kanyang kapatid. Natutuwa rin siya at nagkaroon ito ng matalik na kaibigan sa katauhan

ni Agustin. Ayaw niya itong lumaking anti-social na kagaya niya.

Wala siyang mga naging kaibigan noong kabataan niya. But he didn't mind. He always loved his solitude. Nang maatang sa kanya ang responsibilidad sa negosyo ay doon siya natutong maki-mingle sa mga tao. Pero pili lang ang naging malalapit sa kanya. At si Traven Ortega lamang ang matatawag niyang tunay na kaibigan. Malapit ito sa kanyang pamilya at parang kapatid na niya ito. In fact, ipinamana rito ng kanyang ama ang twenty percent ng *Sakura Realty*.

“Siyanga pala, *oniisan*, hindi mo pa ipinaliliwanag sa akin kung bakit ayaw mong sabihin ko kina Agustin na pag-aari natin ang *Sakura Realty* at kilala natin si Tito Traven,” pagbabago ni Hiroshi sa usapan.

“Bata ka pa para maintindihan ang lahat.”

“I'm eight years old! Hindi na ako kindergarten!”

“Bata ka pa rin.”

“Ang hirap mong kausap!” asik nito, napakamot pa sa ulo.

“Fine.” Nagbuga siya ng hangin. “I'm just protecting our family business, okay?”

“Eh, ano'ng sasabihin ko kung nagtanong sila

'Til There Was Kaede - Yumi Sagara

kung ano ang source of income natin? Ayoko namang isipin nilang member tayo ng *Yakuza!*”

Napakamot siya sa batok. “Sabihin mo na lang na stockholder tayo ng isang electronic business sa Japan.”